COME...

Percorsi di accoglienza, integrazione, educazione interculturale

farsi prossimo

caritas Caritas Ambrosiana

Polo StarT1

TEST DI LINGUA ITALIANA PER IL PERMESSO DI SOGGIORNO CE PER SOGGIORNANTI DI LUNGO PERIODO (ex carta di soggiorno)

Ano ang pagsusulit (iksamen) ng wikang Italyano?

Ito ay isang iksamen para ipakita mo na kilala mo ang wikang italyano sa A2 level ng Quadro Comune Europeo. Para sa level na A2 dapat na marunong kang gumawa ng at sumagot sa mga tanong sa iyo, sa iyong pamilya, sa trabaho, sa lugar na iyong tinitirahan, sa mga gusto mong bilihin at sa iyong mga kailangan, at iba pa.
Ang mga pagsubok ay 3 tipo:

- Pagdinig, pag-intindi at pagsagot sa mga tanong sa maigsing pagsasalita;
- Pagbasa, pag-intindi at pagsagot sa mga tanong sa maigsing pagsusulat;
- Pagsulat ng maigsing mensahe, pagsagot ng pormularyo at iba pa.

Sino ang dapat na mag- iiksamen ng wikang italyano?

Ang mga mamamayan na dayuhan na gustong humingi ng Permesso di Soggiorno CE para manatili ng mahabang panahon (dating carta di soggiorno). Para humingi ng Permesso di Soggiorno CE kailangan na: regular na nakatira sa Italya ng mga 5 taon na, may kinikita at nararapat na bahay para sa sarili at sa sariling pamilya.

Sino ang hindi dapat na mag-iksamen ng wikang italyano?

- ang mga anak na wala pang 14 na taon;
- ang taong may grabeng problema na matuto ng wikang italyano dahil sa edad, may handikap o may sakit, dapat na may sertipiko galing sa doctor ng ASL;
- sa mga mayroon ng katunayan sa kaalaman ng wikang italyano ng A2 level galing sa Università degli Studi di Roma Tre, Università per Stranieri di Perugia, Università per Stranieri di Siena o Società Dante Alighieri;
- sa mga nag-aral na ng kurso ng wikang italyano sa mga Centri Territoriali Permanenti at nagkaroon ng patunay na nakaabot sa A2 level sa kaalaman ng wikang italyano;
- sa mga mayroon ng diploma ng scuola media o scuola superiore sa paaralan italyana o kung nag-aaral sa university o kaya doctorate o master sa mga university sa Italya;
- sa mga nagtatrabaho bilang tagapangasiwa o highly especialized personnel, university professor , traduktor o interpreter, mamamahayag o peryodista at mayroon ng Permesso di Soggiorno.

N.B. Hindi dapat mag-iiksamen ang humihingi ng update o duplicate ng Permesso di Soggiorno CE.

Paanong ang gagawin para humingi ng iksamen ng wikang italyano?

Dapat na ipadala ang domanda (request) sa internet lang , magconnect sa http://testitaliano.interno.it
Sa Prefettura, sa loob ng 60 days, padadalhan ka ng sulat para ipaalam sa iyo kung **saan** at **kailan** ang iksamen.
Sa Milano ang iksamen ay pwedeng gawin sa isa sa mga Centri Territoriali Permanenti:

CTP De Rossi	CTP Heine	CTP Maffucci	CTP Mugello	CTP Polesine	CTP Russo	CTP Zuara
Via De Rossi 2	Via Heine 2	Via B. Crespi 40	V.le Campania 8	Via Oglio 20	Via Pontano 11	Via Zuara 7/9

Sino ang pwedeng tumulong sa iyo para makahingi ng test ng wikang italyano?
Sa Milano may mga naghahandog ng tulong:

- **i patronati INCA** (per maggiori informazioni www.cgil.milano.it/immigrazione o 02.55025203);
- **il CESIL** (www.cislmilano.it/content/category/7/100/98/ o 02.20408142);
- **i patronati ITAL** (http://www.ital-uil.it/ o 02.66998300);
- **i patronati ACLI** (http://www.aclimilano.com/portale/documenti/sedi_patronato_ACLI.pdf o 02.77281).

Saan ka pwedeng mag-aral ng kurso ng italyano na walang bayad?

Para humingi ng impormasyon kung saan ang kurso, pwede kang tumawag sa SAI di Caritas Ambrosiana (tel. 02.67380261 – sig.ra Monica).

Traduzione di: C. Castro